
2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulong ng Natatanging Pagkakakilanlan ng Komunidad



CO_Q2_AP 2_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulong ng Natatanging Pagkakakilanlan ng Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Hersa F. Huet |
| **Editor:** | Lamberto F. Gamurot |
| **Tagasuri:** | Bobby P. Caoagdan, Allan T. Manalo |
| **Tagaguhit:** | Anibay F. Santos |
| **Tagalapat:** | Anibay F. Santos, Nimfa D. Cabilangan |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas<br>Nestor P. Nuesca, Angelica M. Burayag, Paulino D. De Pano,<br>Bobby P. Caoagdan, Helen R. Bose |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region III**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Address: Diosdado Macapagal Government Center,Maimpis, City of San Fernando, (P) |
| Telefax: | (045) 598-8580 |
| E-mail Address: | region3@deped.gov.ph |

2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulong ng Natatanging Pagkakakilanlan ng Komunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng mga inisyatibo at proyekto na nagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad.



## Subukin

**Panuto**: Isulat sa iyong sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung ang gawain ay makatutulong sa pagsulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi.

________________1. Aktibong partisipasyon sa mga tradisyunal na pagdiriwang sa komunidad.

________________2. Pagpapanatili ng nakagisnang kultura at tradisyon sa komunidad.

________________3. Pagtangkilik sa sariling produkto.

________________4. Pangangalaga sa likas na yaman upang mapanatili ito.


________________5. Pagyayabang ng mga produkto sa komunidad.

# Aralin 1 — Pagsulong ng Natatanging Pagkakakilanlan ng Komunidad

Maisusulong ang natatanging pagkakakilanlan ng isang komunidad kung ang bawat mamamayan dito ay nagkakaisang maisakatuparan ang magaganda at kapakipakinabang na mga proyekto at programa na makapagpapaunlad sa buhay ng mga tao.

## Balikan

**Panuto:** Paghambingin ang mga pagkain o produktong ginagawa sa inyong komunidad sa inyong karatig komunidad. Ipakita ito gamit ang *Venn Diagram.* Isulat ito sa iyong sagutang papel.




Maihahambing ang isang komunidad sa iba pang komunidad sa mga produkto, pagkain, pagdiriwang at tradisyon ng mga ito.

# Tuklasin




Nabanggit sa unang aralin ang mga katangian ng isang komunidad na sumasagisag sa pagkakakilanlan nito. Isa sa katangiang ito ay ang mga natatanging likas na yaman na makikita sa komunidad.

Paano mo mapapangalagaan ang mga likas na yamang ito?

Isang halimbawa ng pangangalaga sa anyong tubig ay ang hindi pagtatapon ng basura sa mga sapa, ilog, at dagat. Ito ay isang paraan na maaaring gawin ng bawat isa, lalo na ang mga mamamayan na naninirahan malapit dito.

## *Suriin*

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng proyekto o mungkahing gawain na makatutulong sa pagsulong ng natatanging pagkakalinlan ng isang komunidad.

### *Pangangalaga sa mga likas na yaman*

Mahalaga ang mga natatanging anyong tubig o lupa sa komunidad. Ngunit kapag hindi pinahalagahan ang kalinisan at kaayusan ng mga ito, maaring masira o mawala ang mga ito.



Ilan sa mga programa na nagsusulong sa pangangalaga ng mga likas na yaman ang *Clean and Green Program* at Sagip Kalikasan.



Ang mga gawain sa mga programang ito ay ang pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran, tamang pagtapon ng basura, pagtatanim ng mga

puno o halaman sa mga nakakalbong kagubatan, pag- iwas sa pagputol ng mga puno, paglilinis sa mga anyong tubig at pag-iwas sa paggamit ng dinamita sa pangingisda.





### *Pagpapahalaga sa mga tradisyon, kultura at produkto sa komunidad*

Mayaman sa kultura at tradisyon ang bawat komunidad. Ang mga kultura at tradisyon na ito ay nararapat lamang na ipagpatuloy at huwag limutin.

Marami sa mga komunidad ay nagsasagawa ng mga pagdiriwang para maipagmalaki ang kanilang produkto. Sa mga pista, karaniwang inilalahok sa parada ang masining na presentasyon ng kanilang produkto.






May mga pagdiriwang din na may paligsahan ng pagluluto ng pagkain na nagpapakilala ng malalim na kultura ng kanilang komunidad. Sa pamamaraang ito maipapakita ang pagmamalaki at pagtangkilik sa sariling produkto ng komunidad.

Bilang bahagi ng komunidad kailangan din ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamayan sa pagsasagawa ng mga gawain na nagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng sariling komunidad.



*Mga Tala para sa Guro*

Ang aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa mga proyekto at gawain ay makatutulong sa pagpapaunlad at pagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad.




# *Pagyamanin*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot na maaring maging resulta ng mga sumusunod na gawain.

1. Tamang pagtapon ng basura
   A. Magiging malinis ang kapaligiran
   B. Magiging makalat ang kapaligiran
   C. Magkakaroon ng polusyon sa hangin
   D. Magiging makulay ang kapaligiran

2. Pagtangkilik sa sariling produkto
   A. Magiging masarap ang mga produkto
   B. Magiging mayaman ang mga nagtitinda
   C. Uunlad ang ekonomiya ng komunidad
   D. Uunlad ang paaralan

3. Hindi paggamit ng dinamita sa pangingisda
   A. Mapapangalagaan ang yamang tubig
   B. Mapapangalagaan ang yamang lupa
   C. Mapapangalagaan ang yamang lupa at tubig
   D. Maiiwasan ang polusyon sa hangin

4. Pagtatanim ng puno sa nakakalbong kagubatan.
   A. Magiging malinis ang kagubatan
   B. Darami ang mga isda
   C. Mapapalitan ang mga pinutol na puno
   D. Darami ang mga hayop sa kagubatan

5. Pakikilahok sa mga pagdiriwang sa komunidad

A. Magiging tahimik ang komunidad

B. Naipagpapatuloy ang tradisyon ng komunidad

C. Makalilibot sa ibang lugar

D. Maipagyayabang ang komunidad

## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

| | |
|---|---|
| produkto | Sagip Kalikasan |
| Clean and Green | tradisyon |

Ang mga mungkahi o gawain na nagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad ay ang _____(1)_____, ___(2)_____, pagtangkilik sa sariling ___(3)_____, aktibong partisipasyon sa mga tradisyunal na pagdiriwang sa komunidad, pagpapanatili ng nakagisnang kultura at ____(4)_____sa komunidad.

## Isagawa

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga proyekto sa inyong komunidad. Iguhit kung paano ito isinasagawa ng inyong komunidad. Isulat sa ibaba ng larawan ang magandang dulot nito sa komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

## Tayahin

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga gawain na nasa larawan. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan ukol sa larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

*Gabay na tanong:*

Nakatutulong ba ito sa pagsulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad? Bakit?



Pagwawalis ng bakuran



Pangingisda gamit ang lambat



Pagtatanim ng mga halaman

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng mga proyekto o programang pangkomunidad upang maisulong ang natatanging pagkakakilanlan nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Halimbawa ng poster na gagawin:



## Rubrik sa Paggawa ng Poster

| Mga Krayterya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Pagka-Malikhain | Lubos na nagpakita ng pagka-malikhain sa paggawa | Naging malikhain sa paggawa | Hindi gaanong naging malikhain sa paggawa | Walang ipinamalas na pagkama-likhain sa paggawa |
| Kaangku-pan sa Paksa | Ang buong poster ay nakapag-bigay ng kumpleto, wasto at mahala-gang impor-masyon tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay nakapag-bigay ng wastong impor-masyon tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay kulang sa impormasy on tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay walang impormas-yon tungkol sa pagtangki-lik sa sariling produkto ng komuni-dad |
| Presentas-yon | Naging malinis at maayos ang pagka-kagawa ng poster | Naging maayos ang pagkaka-gawa ng poster | Hindi naging maayos ang pagkaka-gawa ng poster | Hindi naging malinis at walang kaayusan ang paggawa ng poster |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. 🙂
2. 🙂
3. 🙂
4. ☹
5. ☹

**Balikan**

Ang sagot at batay sa pagkakatulad at pagkakaiba ng sariling komunidad sa iba pag komunidad

**Pagyamanin**

1. A
2. C
3. A
4. C
5. B

**Isaisip**

1. clean and green
2. sagip kalikasan
3. produkto
4. tradisyon

**Isagawa**

Ang mga iguguhit ay base sa proyekto o programa sa komunidad

**Tayahin**

**Pangigisda gamit ang lambat**
Makakatulong ang paggamit ng lambat sa pangingisda sapagkat dahil mapapanitili ang kaayusan ng mga kilalang anyong tubig sa komunidad.

**Paglilinis ng Kapaligiran**
Makatutulong ang paglilinis ng kapaligiran dahil mapapanatili ang kalinisan ng komunidad gayundin ang mga kilalang anyong lupa sa komunidad.

**Pagtatanim ng mga puno**
Makatutulong ang pagtatanim ng mga puno dahil mapapanatili at maiingatan ang mga kilalang anyong lupa kagaya ng kabundukan at kapatagan sa komunidad.

**Karagdagang Gawain**

Gamitin ang rubrik sa pagtataya ng poster

# *Sanggunian*

Admin, Guro. "Most Essential Learning Competencies (Melcs)- Complete Files - Guro Ako". Guro Ako, 2020. http://guroako.com/2020/06/02/most- essential-learning-competencies-melcs-completefiles/.

Gloria Cruz. Charity Capunitan, Emelita Dela Rosa, and Leo Arrobang. "K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN ARALING PANLIPUNAN". *Slideshare.Net*, 2013. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-araling-panlipunan.

Edmond Lozano. "Suliraning Pangkapaligiran At Programa Nito". Slideshare.Net, 2019. https://www.slideshare.net/edmond84/suliraning pangkapaligiran-at-programa-nito.

Christopher Madrigal. Pagsulong At Pagbabago, Komunidad 2 (Edisyong K-12). Reprint, Makati City,Philippines: Diwa Learning System Inc., 2014.

Edna Severo. Araling Panlipunan 2 Kagamitan Ng Mag- Aaral Sa Kapampangan. 1st ed. Reprint, Pasig City, Philippines: Department of Education- Bureau of Elementary Education, 2013.

Agatha Tugano. "Oplan Sagip Kalikasan". Prezi.Com, 2015. https://prezi.com/2vnck2ffswhv/oplan-sagip-kalikasan/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph